# PAALALA SA MGA BYAHERO

- Siguraduhing **LINISIN**, **i-DISINFECT** at **PATUYUIN** ang mga **SASAKYAN** bago pumunta sa farm.
- Lahat ng **TAO** na lalapit sa farm ay kailangan maligo o magdala ng pampalit na damit.
- Sumunod sa pinapatupad na **BIOSECURITY** ng farm.
- Sumunod sa pinapatupad ng **LGU**/**Provincial Veterinarian** at mga **CVO**/**MVO**/**MAO** na limitasyon sa pag biyahe ng baboy.
- Siguraduhin na may mga papeles (**Vet Health Certificate at Shipping Permit**) ang mga baboy bago hakutin.






www.pcsp.org.ph

# Pagtulungan po natin na mawala ang ASF

**Siguraduhin na ang SASAKYAN ay MALINIS at na-DISINFECT bago pumunta sa farm.**

- Walang dumi o putik na nakakapit sa mga gulong at sa ‘bed’ ng pagkakargahan
- Walang mga di kinakailangang bagay na nakalagay sa pagkakargahan gaya ng plastic, tela at iba pa na maaring makain o makadulas sa mga hayop.
- Nahugasan ang sasakyan bago at pagkatapos humakot sa mga hayop.

**Lahat ng TAO na lalapit sa farm ay kailangan maligo o magdala ng pampalit na damit.**

- Iwasan na manggaling sa mga lugar na mataas ang kontaminasyon ng sakit kagaya ng palengke, slaughterhouse at ibang farm.
- Payo na magsuot ng sapatos o bota para hindi mabasa ng disinfectant ang mga paa.

**Sumunod sa pinapatupad na BIOSECURITY ng farm.**

- Umapak sa footbath, paghuhugas ng kamay, pagdaan sa mist area, at iba pa.
- Mahigpit na pinagbabawalan na mag-ikot sa loob ng farm. Maghintay sa marketing area.
- Iwasang magkarga mula sa iba’t ibang paghahakutan. Ang paggawa nito ay maaring makadagdag ‘stress’ ng mga dalang baboy at maaring makapagpalala ng pagkalat ng sakit.

**Sumunod sa pinapatupad ng LGU / ProVet na limitasyon sa pag biyahe ng baboy.**

- Siguraduhin na tama at kumpleto ang mga papeles ng mga baboy bago hakutin.
- Vet Health Certificate – may kaukulang pirma at tatak na kinakailangan
- Shipping Permit – tama ang dami ng naka deklara at ikinakarga.
- Dumaan sa mga Animal Checkpoints at Disinfection sites na madaraanan patungo sa slaughterhouse.
- Ipagbigay alam sa kinauukulan kung may napapansin na kakaiba sa mga dalang hayop (sakit o sugat).

**Habang nasa BYAHE ang mga baboy na karga**

Iwasang paliguan ang mga hayop habang umaandar patungo sa slaughterhouse.




A PCSP Project to Support our Filipino Swine Farmers

National Federation of Hog Farmers, Inc.